# FILIPINO 6

Basahin ang seleksyon at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

## Cape Bojeador Lighthouse





Ang Cape Bojeador Lighthouse ay isa sa mga makasaysayang lugar sa Pilipinas. Ito ay matatagpuan sa bayan ng Burgos, Ilocos Norte at ito rin ay isa sa mga pinakamadalas dayuhin ng mga turista.

Itinayo ang *lighthouse* na ito simula pa noong panahon ng mga Kastila noong 1521-1898. Isa lamang ang Cape Bojeador sa mga sikat na pasyalan sa Ilocos Norte. Malapit lang dito ang bayan ng Pagudpud, kung saan pumupunta ang mga tao para makita ang dagat.

Ang nagdisenyo sa Cape Bojeador ay si Engineer Magin Pers y Pers noong 1887. Ito ay unang sinindihan noong ika-30 ng Marso, 1892. Simula noon ay malaki na ang naitulong nito tuwing dadaan ang mga Kastila sa *South China Sea* malapit sa Ilocos Norte. Marami na ring inayos dito gaya ng mga *lens* nito at ibang mga parte noong lumindol ng 1990.

Upang marating ang tuktok nito ay kailangan umakyat sa maraming hagdan. Mula naman sa itaas ay makikita ang *South China Sea*. Sa loob ng *lighthouse* ay mayroon ding maliit na museo, makikita rin dito ang silid ng dating tagapagbantay ng *lighthouse*.

Tinawag na rin itong *National Historic Landmark* at *National Cultural Treasure* ng *Philippine Government* noong 2004 at 2005.

A. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Tungkol saan ang nabasang seleksyon?

   a. Ito ay tungkol sa iba't-ibang pasyalan sa Ilocos Region
   b. Ito ay tungkol sa isang makasaysayang pasyalan sa Ilocos Norte.
   c. Ito ay tungkol sa mga nangyari sa Ilocos Norte noong panahon ng mga Kastila.

2. Saang probinsya sa Pilipinas makikita ang Cape Bojeador?

   a. Iligan
   b. Ilocos Sur
   c. Ilocos Norte

3. Saang bayan matatagpuan ang Cape Bojeador?

   a. Pagudupud
   b. Burgos
   c. Laoag

4. Sino ang mga nagtayo ng Cape Bojeador?

   a. mga Kastila
   b. mga Hapones
   c. mga Amerikano

5. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi kung bakit makasaysayan ang Cape Bojeador?

   a. Nakatulong ito sa mga Kastila na dumadaan sa dagat.
   b. Naging tirahan ito ng mga Kastila noong unang panahon.
   c. May nangyaring digmaan dito noong panahon ng mga Kastila.

B. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

6. Sino ang nagdisenyo ng Cape Bojeador?

7. Kailan unang sinindihan ang Cape Bojeador?

8. Bakit kinailangang ayusin ang *lens* ng nasabing *lighthouse*?

9. Ano ang pangalan ng dagat na makikita mula sa tuktok nito?

10. Ano ang pwedeng makita sa loob ng *lighthouse*?